Pangalan: Saddam D. Gumama Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Tunay na Kapatiran
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hunyo 30, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
"O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay kay Allah Subhanahu wa Ta'ala lamang, at sa Kanya lamang tayo humihingi ng tulong at kapatawaran mula sa kasamaan ng ating mga gawa, ako ay sumasaksi na walang ibang diyos maliban kay Allah, at ako ay sumasaksi na si Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay Kanyang alipin at huling sugo.

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang isang Muslim na may ganap na pananampalataya ay nagtataglay ng magandang ugnayan sa mga tao na nabubuo sa pamamagitan ng kapatiran sa pananampalatayang Islam. Ang kapatiran sa Islam ay isang matatag na ugnayang dapat panghawakan ng bawat isa, sapagkat binubuklod nito ang mga mananampalatayang Muslim sa lahat ng sulok ng daigdig kahit magkakaiba ang kanilang lahi, kulay, wika at katayuan sa buhay. Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ وَٱعۡتَصِمُواْ بِحَبۡلِ ٱللَّهِ جَمِيعٗا وَلَا تَفَرَّقُواْ وَٱذۡكُرُواْ نِعۡمَتَ ٱللَّهِ عَلَيۡكُمۡ إِذۡ كُنتُمۡ أَعۡدَآءٗ فَأَلَّفَ بَيۡنَ قُلُوبِكُمۡ فَأَصۡبَحۡتُم بِنِعۡمَتِهِۦٓ إِخۡوَٰنٗا وَكُنتُمۡ عَلَىٰ شَفَا حُفۡرَةٖ مِّنَ ٱلنَّارِ فَأَنقَذَكُم مِّنۡهَاۗ كَذَٰلِكَ يُبَيِّنُ ٱللَّهُ لَكُمۡ ءَايَٰتِهِۦ لَعَلَّكُمۡ تَهۡتَدُونَ ﴾ سورة الحجرات: 103

“At tumangan kayo nang mahigpit sa Lubid ni Allah nang magkakasama, at huwag kayong magkawatak-watak. At inyong alalahanin ang pagpapala ni Allah sa inyo nang kayo ay magkakaaway, Kanyang pinagbuklod ang inyong mga puso, at kayo ay naging magkakapatid (sa relihiyong Islam) nang dahil sa Kanyang pagpapala. At kayo (ay dating) nasa bingit ng hukay ng Apoy (sa Impiyerno), ngunit kayo ay Kanyang iniligtas mula rito. Ganyan ginagawang malinaw ni Allah ang Kanyang mga Ayat (Kapahayagan) sa inyo upang sakali kayo ay mapatnubayan.” (Surah Al-Hujurat: 103)

Nang dahil sa relihiyong Islam, tayo ay naging magkakapatid na nagpapayuhan sa isa’t isa sa katotohanan at kabutihan, at nagtutuwid sa kamalian na ating nagagawa o nasasabi sa paraang malumanay at matiwasay tungo sa kabutihan. Tayo ay dapat nagtutulungan alang-alang sa relihiyong Islam at nagkakaisa sa pagsunod sa mga utos ni Allah at ng Kanyang huling sugo na si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Hindi nararapat sa isang Muslim na hayaan ang kanyang kapatid sa pagkaligaw at paggawa ng masama, bagkus ang nararapat sa kanya ay tulungan ito na maiahon ang sarili mula sa pagkakalugmok sa mga gawaing masama, at akayin ito tungo sa matuwid na landas. Ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi,

انْصُرْ أخاكَ ظالِمًا أوْ مَظْلُومًا. فقالَ رَجُلٌ: يا رَسولَ اللَّهِ، أنْصُرُهُ إذا كانَ مَظْلُومًا، أفَرَأَيْتَ إذا كانَ ظالِمًا، كيفَ أنْصُرُهُ؟ قالَ: تَحْجُزُهُ -أوْ تَمْنَعُهُ- مِنَ الظُّلْمِ؛ فإنَّ ذلكَ نَصْرُهُ. (رواه البخاري)

“Tulungan mo ang iyong kapatid na mapang-api at naaapi.” Isang lalaki ang nagtanong: “O sugo ni Allah, tutulungun ko siya kapag naaapi subalit kapag siya ay mapang-api, paano ko siya tutulungan?” Ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi, “Pigilan mo siya sa pang-aapi; katotohanang iyon ang tulong mo sa kanya.” (Inulat ni Al-Bukhari)

Ngunit sa kasalukuyang panahon, nasaan tayo sa kapatirang ipinag-utos ng ating mahal na Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam)? Ang ilan sa atin ay nagsisiraan, nagbabangayan, nag-aaway-away, nagkakawatak-watak, at nagpapataasan ng sariling bangko. Nawawala na ang pagpapakumbaba at paggalang sa isa’t isa lalo’t higit sa ating mga ‘Ulama. Ang iba pa sa atin ay binibigyan ng kamalian ang kanyang kapatid sa pamamagitan ng pagkwento ng

mga mali at paninira sa kapatid para lamang paniwalaan ng madla at makilala siya bilang magaling na tao o mabuting tao.

Ang pagmamahal ng Muslim sa kanyang kapatid na Muslim ay gaya ng pagmamahal niya sa kanyang sarili at kasuklaman niya ang anumang bagay na hindi mabuti para sa kapatid niyang Muslim gaya ng pagkasuklam niya sa anumang bagay na hindi mabuti para sa kanyang sarili. Ito ang kaganapan ng ating pananampalataya na itinuro sa atin ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Siya ay nagsabi,

لَا يُؤْمِنُ أَحَدُكُمْ، حتَّى يُحِبَّ لأَخِيهِ ما يُحِبُّ لِنَفْسِهِ. (رواه البخاري ومسلم)

“Hindi ganap ang pananampalataya ng isa man sa inyo, hangga’t hindi niya naisin sa kanyang kapatid ang katulad ng ninanais niya sa kanyang sarili.” (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

Kaya mga kapatid sa pananampalatayang Islam, huwag tayo mainggit sa isa’t isa sa mga bagay na hindi dapat natin kainggitan at huwag magsiraan sa bawat isa. Iwasan natin ang mga gawaing nakapipinsala sa ating kapatid, sa kanyang pamilya, dangal, at mga ari-arian. Magkaisa tayo’t magtulungan sa kabutihan at pagsunod kay Allah. Ito ay isang tungkuling itinagubilin sa atin ni Allah sa pagpapanatili at pagpapatatag ng ating kapatiran sa Islam. Si Allah ay nagsabi,

﴿ وَتَعَاوَنُواْ عَلَى ٱلۡبِرِّ وَٱلتَّقۡوَىٰۖ وَلَا تَعَاوَنُواْ عَلَى ٱلۡإِثۡمِ وَٱلۡعُدۡوَٰنِ ﴾ سورة المائدة: 2

“Magtulungan kayo sa isa’t isa sa Al-Birr (kabutihan) at At-Taqwa (pagkatakot kay Allah), datapuwa’t huwag kayong magtulungan sa isa’t isa sa kasalanan at pagsuway.” (Surah Al-Maidah: 2)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang karapatan ng Muslim sa kanyang kapwa Muslim ay anim: kung makatagpo mo siya ay batiin siya ng Salam, kung siya ay nag-anyaya sa iyo ay tugunan mo. Kung siya ay humingi sa iyo ng payo ay payuhan. Kung siya ay bumahin, purihin si Allah at ipanalangin siya, kung siya ay may sakit ay dalawin siya, at kung siya ay namatay ay ihatid siya sa paglibing sa kanya. Ito ay ilan sa mga karapatan sa atin ng bawat kapatid sa pananampalataya na marami sa atin ang nagpabaya. Marami sa atin ngayon, kapag nakita ang kanyang kapatid na Muslim ay hindi niya ito binabati ng Salam at kung binati ng Salam ay hindi niya ito tinutugunan. Ilan ba sa atin ang bumibisita sa mga kapatid na may sakit? Kung mayroon tayong kapatid na may karamdaman ay atin siyang bisitahin sapagkat ito ay karapatan niya bilang isang Muslim. Ang ilan sa atin ay hindi na rin tumutugon sa imbitasyon ng kanyang kapatid kung walang kapalit wal’iyyadhubillah. Ipinagdadamot na rin ng ilan sa atin ang pagpapayo sa ibang kapatid na nangangailangan nito. Ang ilan sa atin ay hindi alam kung ano ang sasabihin kapag bumahin ang kapatid sa pananampalataya. Hindi ba ito isang tanda ng pagpapabaya? Ilang Muslim na ang lumisan sa Mundo mula sa ating mga kapit-bahay, mga kaibigan at kakilala subalit iilan lamang sa kanila ang naihatid natin sa libingan.

Mga kapatid sa pananampalataya, ang pangangalaga sa karapatan ng isang Muslim ay tanda ng pangangalaga sa tunay na kapatiran sa Islam.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***